Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG NOBYEMBRE 23, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... Kagawad |
| *Kagalang-galang Ramon D. Tan* | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... Kagawad |
| *Kagalang-galang Oscar F. Feliciano* | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... Kagawad |
| *Kagalang-galang Angelito U. Limjuco* | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | .... Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

### KAPASIYAHAN BLG. 204-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSAN BLG. 5-T2009 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG POBLACION III NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAA'T ANIM NA LIBO APATNARAAN WALUMPU'T WALONG PISO (Php106,488.00) MULA SA EXCESS INTERNAL REVENUE ALLOTMENT PARA SA TAONG 2009 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (Php21,297.60), 10% SK FUND (Php10,648.80), 5% CALAMITY FUND (Php5,324.40); CASH GIFT (Php55,000.00); OFFICE SUPPLIES (Php5,000.00); WATER BILL (Php3,000.00) AT GASOLINE (Php6,217.20) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 87-T2009/Kautusan Blg. 5-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion III na nagkakahalaga ng Php106,488.00 mula sa Excess Internal Revenue Allotment para sa taong 2009 upang ilaan sa 20% Development fund (Php21,297.60); 10% SK fund (Php10,648.80); 5% Calamity fund (Php5,324.40); Cash Gift (Php55,000.00); Office Supplies (Php5,000.00); Water Bill (Php3,000.00) at Gasoline (Php6,217.20) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Romulo A. Elca at Ramon D. Tan at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kautusan Blg. 5-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion III na nagkakahalaga ng Php106,488.00 mula sa Excess Internal Revenue Allotment para sa taong 2009 upang ilaan sa 20% Development fund (Php21,297.60); 10% SK fund (Php10,648.80); 5% Calamity fund (Php5,324.40); Cash Gift (Php55,000.00); Office Supplies (Php5,000.00); Water Bill (Php3,000.00) at Gasoline (Php6,217.20) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Pob. III, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan